Miracles ✦
LET HIM BE KNOWN

# Paglakad sa Tubig

WEEK 5

## WARM-UP

- Kailan ka huling nagbiyahe? Ano ang mga nagpahirap sa biyahe mo?
- Magbahagi ng pagkakataong humingi ka ng tulong sa isang tao. Ano ang nagtulak sa iyong gawin ito?
- Balikan ang isang pagkakataon na kinailangan mong tapusin ang isang mahirap na gawain. Ikuwento ito sa amin.

## WORD

*16 Nang gumagabi na, nagpunta ang mga tagasunod ni Jesus sa tabi ng lawa. 17 Madilim na at wala pa rin si Jesus, kaya sumakay na sila sa isang bangka at tumawid papuntang Capernaum.* **JUAN 6:16–17**

(Basahin din ang **JUAN 6:18–21.**)

Papunta ang mga disipulo ni Jesus sa Capernaum. Sa dagat, hindi umaayon ang mga pangyayari sa kanila. Madilim noon, may bagyo, at ang pinakamahalaga, hindi nila pisikal na kasama si Jesus. Naipit ang mga disipulo sa mahirap na sitwasyong hindi nila mapagtagumpayan sa sarili nilang kakayahan. Pagkatapos nilang magsagwan ng ilang kilometro, nakita nila si Jesus na lumalakad sa ibabaw ng tubig. Sa umpisa, natakot ang mga disipulo, ngunit nang makilala nilang si Jesus iyon, naging panatag ang pakiramdam nila dahil sa Kanyang presensya. Sa himalang ito, makikita nating si Jesus lamang ang maaaring magtagumpay laban sa lahat—maging sa mga elemento, takot, at gulo.

## 1 Si Jesus ay nangingibabaw laban sa mga elemento.

*[18]At habang tumatawid sila, nagsimulang lumakas ang hangin at lumaki ang mga alon. [19]Nang nakasagwan na sila ng mga anim o limang kilometro, nakita nila si Jesus na naglalakad sa ibabaw ng tubig papalapit sa kanilang bangka. At natakot sila.* **JUAN 6:18–19**

Naipit ang mga disipulo sa bagyo at tila wala na silang daan palabas. Ngunit biglang nagpakita si Jesus na lumalakad sa tubig. Sa kultura nila, magulo at mapanganib ang malalaking anyong-tubig at ang kailaliman ng dagat. Ipinapakita ng paglakad ni Jesus sa tubig na Siya lamang ang may kapangyarihang lumakad sa *ibabaw* ng tubig, isang elemento na hindi mapagtatagumpayan ng sinuman, maging ng mga disipulo. Nagawa ito ni Jesus hindi dahil sa lakas ng pagsagwan ng mga disipulo, sa panahon, o sa ano pa mang kadahilanan. Ito ay dahil sa kung sino Siya. Sa tingin mo, bakit hindi natin pinahahalagahan ang kwento na pamilyar na sa atin, gaya nito? Bakit nakakagulat ang karanasang ito?

## 2 Si Jesus ay nangingibabaw laban sa takot.

*Pero sinabi sa kanila ni Jesus, "Ako ito! Huwag kayong matakot."* **JUAN 6:20**

*Natakot* ang mga disipulo sa mga nangyayari (Juan 6:19). Karaniwan lang sa tao ang naging reaksyon nila sa sitwasyong ito; may takot tuwing may krisis. Ngunit iba ang reaksyon ni Jesus sa bagyo. Hindi Siya natakot o nanghina sa takot na ipinakita ng mga disipulo sa bagyo. Ang totoo, lumakad si Jesus sa *ibabaw* ng maalong dagat, at pinalitan ng kapanatagan ang takot ng Kanyang mga disipulo. Nang sabihin ni Jesus na "*Ako ito! Huwag kayong matakot,*" madali silang napanatag. Nangingibabaw si Jesus laban sa bagyo at takot. Kung naroon ka sa bangka kasama ng mga disipulo, ano sa palagay mo ang magiging reaksyon mo sa sitwasyong ito? Bakit?

## 3 Si Jesus ay nangingibabaw laban sa kaguluhan.

*[18]At habang tumatawid sila, nagsimulang lumakas ang hangin at lumaki ang mga alon. . . . [21]Kaya pinasakay nila si Jesus sa bangka, at nakarating agad sila sa kanilang pupuntahan.*
**JUAN 6:18, 21**

Nang dumating si Jesus para iligtas sila, ibinaling ng mga disipulo ang atensyon nila sa Kanya—hindi na sa bagyo o sa kahinaan nila sa sitwasyon. Nakita nila si Jesus sa kung sino Siya at ano ang kaya Niyang gawin. Sa gitna ng kaguluhan, inakay ni Jesus ang mga disipulo palayo sa bagyo at patungo sa ligtas na lugar. Hindi malinaw kung paano Niya talaga nadala ang mga disipulo sa pampang, pero nakasulat sa Bibliya na nagawa Niya ito, sa paraang Siya lamang ang makakagawa. Paano nagbibigay ng kaginhawahan ang katotohanang ito sa iyo?

Ipinapakita ng panlimang tanda na may kapangyarihan ang Diyos sa lahat ng sitwasyon sa buhay natin—maging sa pinakamahihirap na mga bagay. Hindi Siya nalilimitahan ng mga pangyayari o takot. Kung paano dinala ng Diyos ang kaayusan sa magulong dagat sa pamamagitan ng Kanyang salita (Genesis 1), itinuturo rin ng kwentong ito na si Jesus ay may kapangyarihang nangingibabaw sa anumang kaguluhan sa mundo.

## APPLICATION

- Pag-isipan kung paano ka inakay ng Diyos palabas ng isang mahirap na panahon. Paano Niya ipinakita sa iyo na nangingibabaw Siya laban sa mga pagsubok na ito?
- Ano ang mga pagsubok na pinagdaraanan mo sa panahong ito? Maglaan ng oras ngayong linggo upang alalahanin na si Jesus ay lagi mong kasama at ipahayag ang kapangyarihan ng Diyos sa anumang bagyong kinakaharap mo.
- Si Jesus lamang ang nagbibigay ng kaginhawahan sa mga disipulo sa kabila ng bagyo. Magbahagi ng isang natatanging katotohanan tungkol kay Jesus sa isang tao ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil lagi nating kasama si Jesus at napagtagumpayan na Niya ang bawat mahihirap na sitwasyon sa buhay natin. Humingi ng pananampalataya sa Diyos upang magawa mong maniwala sa katotohanang ito mula ngayon.
- Ipanalangin na kay Jesus mo lamang itutuon ang iyong atensyon at hindi sa anumang pangyayari o takot. Ipanalangin na patibayin ng Diyos ang iyong pananampalataya sa kabila ng mga pagsubok na iyong kinakaharap—na si Jesus ang angkla at ang katiyakan sa gitna ng mahihirap na bagyo sa buhay.
- Humingi ng katapangan at karunungan sa Diyos upang maibahagi mo ang katotohanan tungkol kay Jesus sa mga tao sa paligid mo na dumaraan sa mahihirap na bagyo ng buhay.

## NOTES

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leo Angcajas Jr., Esther Suson

victory.org.ph